

Isang Plano para sa Pangangalaga at Pagkakataon



Ginagawang Mas Abot-kaya ang Araw-araw na Pamumuhay

Tinutulungan ng Ontario na umunlad ang mga taong iba't-iba ang edad sa pamamagitan ng paggawa ng mga makabuluhang pamumuhunan o investments na nagbabawas sa mga gastos sa sambayanan at na nagbibigay ng karagdang financial security sa panahon ng mabilis na nagbabagong ekonomiya. Ang mga investment na ito ay mahalaga upang masigurado na ang Ontario ay mananatiling mahusay na lugar para sa tirahan, trabaho, at pagpapalaki ng pamilya.



Libreng Preschool Child Care

Upang gawing mas abot-kaya ang mahusay na child care, ang preschool child care ay gagawing libre para sa mga batang dalawa't-kalahating taong-gulang hanggang sila'y makakapasok na sa kindergarten; dahil dito, ang isang pamilyang may isang anak ay makatitipid ng \$17,000 sa karaniwan, at ito'y mairaragdag sa maipon ng pamilya dahil sa full-day kindergarten.



Libreng De-resetang Gamot 65+

Gagawing libre ang mga de-resetang gamot para sa lahat ng taong 65-taong-gulang at mas matanda sa pamamagitan ng OHIP+, upang siguraduhin na walang maiiwang senior citizen at makukuha nilang lahat ang mga gamot na kinakailangan nila. Ang karaniwang senior sa Ontario ay makatitipid ng \$240 bawat taon dahil aalisin ang Ontario Drug Benefit annual deductible at co-pay.



Pagbawas ng Gastos sa Gamot at sa Dentista

Sisimulan ang bagong Ontario Drug and Dental Program, kung saan magbibigay ng 80 porsiyentong reimbursement; ito'y hanggang \$400 para sa bawat single na tao, \$600 para sa bawat couple, at \$700 para sa apat-na-kataong pamilyang may dalawang anak, para sa eligible na gastos sa de-resetang gamot at dentista bawat taon, para sa mga taong walang health benefits sa kanilang mga lugar ng trabaho o hindi covered ng OHIP+ o iba pang government program.

Tumutulong sa gastos sa pamumuhay

Sa Ontario,

- ibinibigay ang matagal nang hinihintay na pagtaas ng suweldo para sa 1.2 milyong katao sa buong Ontario sa pamamagitan ng pagtaas sa minimum wage; ito'y itinaas at naging \$14 bawat oras noong Enero 1, 2018 at gagawing \$15 bawat oras sa Enero 1, 2019.
- sisimulan ang bagong Seniors' Healthy Home Program. Ipinapakita nito na nalalamang may mga gastos kapag naninirahan ang mga matatanda sa tahanan, kung saan nila gustong manatili. Ito'y magbibigay ng benefit na magkakahalaga ng hanggang \$750 bawat taon para sa mga eligible household na pinamumunuan ng seniors na 75 taong-gulang at mas matanda, upang matulungan silang mamuhay nang hindi umaasa sa iba at upang ma-offset ang mga gastos sa pagmintina ng kanilang mga tahanan.
- ibinaba ang gastos ng commuting o transportasyon kapag lumilipat mula GO Transit/UP Express network patungo sa TTC o lumilipat mula TTC patungo sa GO/UP Express network; ito'y binawasan nang humigit-kumulang sa \$720 bawat taon para sa karaniwang nagco-commute, at simula noong Hulyo 1, 2017 ay naglaan ang probinsiya ng public transit tax credit na nakatitipid nang hanggang \$450 para sa seniors.
- binawasan nang 25 porsiyento sa karaniwan ang singil sa koryente sa tahanan at hanggang 40 o 50 porsiyento para sa mga eligible na rural at low-income na mga pamilya.
- binawasan ang gastos ng mga pasyente at kanilang mga minamahal sa buhay sa pamamagitan ng pag-utos sa mga ospital na sumisingil ng mahigit sa \$10 bawat araw para sa parking na mag-alok ng discounted passes; dahil dito'y mababawasan ang maximum rates nang 50 porsiyento man lamang para sa mga taong madalas na bumibisita.
- ginawang mas abot-kaya para sa mga tao na i-upgrade ang kanilang mga tahanan upang bawasan ang pollution at emissions, at makatipid sa gastos sa enerhiya sa pamamagitan ng GreenON rebates. Ito'y maaaring makatipid nang hanggang \$7,200 para sa bagong insulation, hanggang \$5,000 para palitan ang mga bintana, o hanggang \$20,000 para mag-instala ng certified ground source heat pump.
- ginawang mas madali at mas mabuti sa kalusugan ang buhay ng seniors sa pagitan ng 65 at 70 taong-gulang sa pamamagitan ng pagbigay ng libreng shingles vaccine; ang savings dito ay humigit-kumulang sa \$170 bawat tao.
- makatitipid ang mga low-income na pamilya sa gastos sa dentista dahil binigyan ang mga bata sa Ontario na wala pang 17 taong-gulang ng libreng preventative, routine, at emergency dental services.

Investment sa child care

Sa Ontario,

- ang preschool child care ay gagawing libre para sa mga batang dalawa't-kalahating taong-gulang hanggang sila'y makapasok na sa kindergarten upang gawing mas abot-kaya ang mahusay na child care. Ang isang pamilyang may isang anak ay makatitipid ng \$17,000 sa karaniwan, at ito'y maidaragdag sa naiipon ng pamilya mula sa full-day kindergarten.
- nagdaragdag ng mahigit sa 100,000 child care spaces upang mas maraming mga pamilya ang magkakaroon ng mas maraming choice para sa mahusay at abot-kayang child care - at mag-aalok ng karagdagang pinansiyal na suporta sa mga pamilya, sa pamamagitan ng subsidies para sa humigit-kumulang sa 60 porsiyento ng lahat ng bagong spaces.
- magbibigay ng mas mahusay na access sa before- and after-school care programs sa mga pamilyang may mga anak na hanggang 12 taong-gulang sa pamamagitan ng pag-utos sa mga school board na maglaan ng mga programa sa karamihan ng mga elementaryang paaralan.

Sinusuportahan ang mga estudyante

Sa Ontario,

- ginawang libre ang tuition para sa kolehiyo at unibersidad para sa mahigit sa 225,000 estudyante, anuman ang kanilang edad. Ang libre o mababang tuition ay available para sa mga estudyante mula sa mga low at middle-income na pamilya; ang tuition ay libre para sa mga estudyante mula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang \$90,000, at ang mga estudyanteng nagmumula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang \$175,000 ay eligible ding makatanggap ng financial aid.
- gagawing mas madali para sa mga estudyante mula sa mga middle-income na pamilya o sa mga may asawa na maging kwalipikado para sa OSAP at makakuha ng karagdagang pinansiyal na tulong, simula sa fall 2018.
- makatitipid nang mahigit sa \$520,000 ang mahigit sa 5,000 estudyante dahil naglaan ng mga libreng online textbook at resources para sa edukasyon sa pamamagitan ng Ontario Open Textbooks Initiative.
- ginawang mas flexible ang OSAP loan repayment. Hindi kailangan simulan ng single students ang pagbayad sa Ontario portion ng kanilang student loans hangga't hindi sila kumikita ng minimum ng \$35,000 bawat taon; ito'y tumaas nang \$10,000 mula sa dating minimum na \$25,000.

Ginagawang mas abot-kaya ang housing

Sa Ontario,

- ginawang mas madali para sa mas maraming tao na bilhin ang kanilang unang tahanan dahil dinoble ang maximum Land Transfer Tax refund para sa eligible first-time homebuyers. Ito'y naging \$4,000 simula Enero 1, 2017. Ang ibig sabihin nito'y ang eligible homebuyers sa Ontario ay hindi magbabayad ng Land Transfer Tax sa unang \$368,000 ng halaga ng kanilang unang tahanan.
- pinalawak ang rent control upang isali ang mga pribadong market rental unit, at tutulongang mag-balance muli ang housing market sa pamamagitan ng Fair Housing Plan.